Sa panahong may posibleng panganib sa kalusugan o binago ang access, mahalagang **HUWAG pumasok ang mga mag-aaral sa anumang gusali ng HCS kung may sakit sila**. Mangyaring suriin ang mga sumusunod na medikal na problema. Kung sumagot ng oo ang iyong mag-aaral sa alinman sa mga sintomas na ito, **dapat na panatilihin mong nasa bahay ang iyong mag-aaral**!

Kung sumagot ng HINDI ang mag-aaral sa lahat ng tanong, maaari siyang pumunta sa paaralan. Kung may OO o sumagot ng OO ang mag-aaral sa alinmang tanong, HINDI siya maaaring pumunta sa paaralan. Iniaatas naming manatili sa bahay ang mag-aaral at **makipag-ugnayan ang magulang/tagapag-alaga sa nars ng paaralan para makakuha ng karagdagang payo**. Inirerekomenda naming makipag-usap sa medical provider ng iyong mag-aaral para sa karagdagang payo, lalo na kung may ilang sintomas siya o lumalala ang kaniyang kondisyon.		
Mayroon ka ba o nagkaroon ka ba ng alinman sa mga sumusunod na sintomas NGAYON o sa NAKARAANG 14 NA ARAW?		
Temperatura na 100.4ºF o mas mataas na tumatagal nang ilang oras o araw	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok
Tumatagal na temperatura na 100.4ºF o mas mababa na may mga karagdagang sintomas sa ibaba	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok
Ubo (bagong problema; higit pa sa paminsan-minsang pag-ubo lang o may kinalaman sa hika); pagbara (sa ilong at/o sinus)	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok
Pangangapos ng hininga (bagong problema, hindi na-diagnose na medikal na problema)	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok
Hindi mabuti ang pakiramdam; nanginginig/nilalamig; pakiramdam na may lagnat	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok
Sakit ng ulo (hindi lang paminsan-minsang sakit ng ulo; kung may kasamang ibang sintomas, dapat isaalang-alang na hindi papasukin)	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok
Pananakit ng kalamnan sa buong katawan (bagong problema, hindi na-diagnose na medikal na problema)	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok
Namamagang lalamunan	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok

Pagsusuka ngayon o sa loob ng nakalipas na tatlong araw	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok
Pagtatae ngayon o sa loob ng nakalipas na tatlong araw (bagong problema, hindi na-diagnose na medikal na problema)	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok
Panibagong pagkawala ng gana at/o panlasa at/o pang-amoy	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok
Hindi na-diagnose na panibagong pamamantal ng balat sa katamtamang bahagi ng katawan	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok
Malapit na pakikisalamuha sa taong nasuring positibo sa COVID-19 o trangkaso sa nakalipas na 14 na araw O pinaghihinalaang positibo ngunit hindi nasuri	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok
Dapat na manatili sa bahay ang sinumang may sakit na miyembro ng pamilya na may mga sintomas na tulad ng sa COVID.	**HINDI** ✓	OO, huwag pumasok

BAWAT BATA, BAWAT ARAW, ANUMAN ANG DAPAT GAWIN!

Komunikasyon sa Paaralan/Bahay

Mahalagang bahagi ng tagumpay ng mag-aaral ang pagpapanatili ng mga ugnayan. Ang sangay ay may ilang tool na magagamit para panatilihing may kaalaman ang mga pamilya.

Katulad ng aming pagsisikap na panatilihing may kaalaman ang mga pamilya, hinihikayat ka naming ibahagi ang iyong mga tanong at alalahanin nang direkta sa paaralan o sangay. Layunin naming makipagtulungan sa iyo para magkaroon ng mga epektibo at napapanahong solusyon na para sa pinakamabuting interes ng aming mga mag-aaral. Bagaman mahusay na paraan ang social media para manatiling konektado, hinihikayat ang mga magulang na gamitin ang mga sumusunod na paraan para masagot ang mga tanong o matiyak na napapakinggan ang kanilang boses.

Tungkol sa Iyong Anak

Mangyaring makipag-ugnayan sa guro ng iyong anak sa pamamagitan ng email o telepono. Maraming tanong at pagsubok ang maaaring malutas sa antas na ito. Kung sa pakiramdam mo ay hindi nalutas ng estratehiyang ito ang isyu, makipag-ugnayan sa punong-guro o pangalawang punong-guro.

Tungkol sa isang Paaralan

Mangyaring makipag-ugnayan sa pangunahing tanggapan ng paaralan sa pamamagitan ng email o telepono. Kung kailangan, hilinging makausap ang punong-guro o pangalawang punong-guro. Kung patuloy ang iyong alalahanin pagkatapos makipagtulungan sa mga tagapangasiwa ng paaralan, mangyaring makipag-ugnayan sa School Administration Building (Gusali ng Pangasiwaan ng Paaralan).

Tungkol sa Sangay

Makipag-ugnayan sa aming mga tanggapan ng pangasiwaan ng paaralan gamit ang isa sa mga numero ng telepono sa ibaba.

Sino ang Tatawagan

Pangunahing Numero.....757-727-2000
Student Services (Mga Serbisyo para sa Mag-aaral).....757-727-2135
Digital Help Desk (Digital na Tanggapan para sa Tulong).....757-850-6875
Human Resources (Yamang-Tao).....757-727-2300
Food & Nutrition Services (Mga Serbisyo sa Pagkain at Nutrisyon).....757-727-2350
SAFE School Hotline.....757-504-0921

KAILANGAN MO BA NG ACCESS SA INTERNET?

HAYAAN KAMING TULUNGAN KA!

Mangyaring punan ang form sa likurang bahagi at ibalik ito sa paaralan o alternatibong lugar para sa pagkain.

Tulong sa Access sa Internet

Maaaring kwalipikado ang mga pamilyang walang access sa Internet sa bahay para sa mura o walang bayad na access sa Internet sa pamamagitan ng mga programang ibinibigay ng HCS na nakikipagtulungan sa T-Mobile, Cox Communications at pederal na programa na eRate. Para maging kwalipikado, ang pamilya ay dapat na walang access sa Internet sa bahay sa kasalukuyan sa anumang ibang paraan, may kahit isang mag-aaral na nakatala sa programa ng libre/pinamurang tanghalian o nasa ilang uri ng pampublikong tulong.

Kung interesado ka sa pagkuha ng tulong na ito, mangyaring ibigay ang impormasyon sa ibaba para kumpirmahin ang iyong pagsang-ayon, at pirmahan at ibalik ang form na ito sa anumang paaralan ng Hampton City Schools.

Buong Pangalan ng Mag-aaral: _____

Paaralan ng Mag-aaral: _____

Address ng Kalye ng Mag-aaral: _____

Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga: _____

Numero ng Telepono ng Magulang/Tagapag-alaga: _____

eMail Address ng Magulang/Tagapag-alaga: _____
(Kung mayroon)

Mas gustong paraan ng pakikipag-ugnayan (bilugan ang isa): Text eMail Phone

Mas gustong oras ng pagtawag pabalik (bilugan ang isa): Wala Umaga Hapon Gabi

Sa pamamagitan ng pagpirma sa ibaba, sumasang-ayon akong pahintulutan ang Hampton City Schools na ibahagi ang impormasyon tungkol sa pakikilahok ng aking anak sa programa ng libre at pinamurang tanghalian at address ng aking mag-aaral na maaaring kailanganin para maberipika ang kwalipikasyon. **Kinukumpirma ko rin na walang anumang access sa Internet sa kasalukuyan sa anumang paraan sa address ng kalye na nakalista sa itaas.**

Pirma ng Magulang/Tagapag-alaga: _____

Petsa: _____

Maaaring ibalik ang form na ito sa anumang paaralan.
(Internal: Mangyaring ibigay sa Information Technology att: Rachel McDaniel)

HAMPTON City Schools
Every Child, Every Day, Whatever it Takes!

Hindi nandidiskrimina ang HCS batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, kapansanan, edad o iba pang pinoprotektahang klase sa mga programa at aktibidad nito at nagbibigay ito ng pantay na access sa Boy Scouts at iba pang itinalagang grupong pangkabataan. Itinalaga ang sumusunod na tao para pangasiwaan ang mga tanong ukol sa mga patakaran laban sa diskriminasyon: Robbin G. Ruth, Executive Director, Human Resources One Franklin Street, Hampton, VA 23669 757-727-2000

FERPA

Ang **Family Educational Rights and Privacy Act** (FERPA, Batas sa Mga Karapatan at Pagkapribado ng Edukasyon ng Pamilya) ay isang pederal na batas na ipinagtibay noong 1974 na pinoprotektahan ang pagkapribado ng mga **rekord sa edukasyon**.

May dalawang pangunahing layunin ang Batas:

1. Binibigyan ang mga magulang o kwalipikadong mag-aaral ng higit na kontrol sa kanilang mga rekord sa edukasyon
2. Ipinagbabawal ang mga institusyong pang-edukasyon na isiwalat ang "impormasyong nakakatukoy ng tao sa mga rekord sa edukasyon" nang walang nakasulat na pahintulot

Sino ang dapat sumunod?

- **Anumang pampubliko o pribadong paaralan:**
  - Elementarya
  - Sekundarya
  - Edukasyon pagkatapos ng sekundarya
- **Anumang ahensiyang pang-edukasyon ng estado o lokal na ahensiyang pang-edukasyon**

Dapat na makatanggap ang alinman sa itaas ng mga pondo sa ilalim ng naaangkop na programa ng US Department of Education (Departamento ng Edukasyon ng US)

Pinoprotek-tahang impormasyon

Rekord ng Edukasyon ng Mag-aaral: Mga rekord na naglalaman ng impormasyong direktang may kinalaman sa isang mag-aaral at na pinapanatili ng isang ahensiya o institusyong pang-edukasyon o ng isang partidong kumikilos para sa ahensiya o institusyon.

Mga pinapahintulutang pagsisiwalat[1]

- Mga opisyal ng paaralan
- Mga paaralan kung saan lilipat ang isang mag-aaral
- Mga tinukoy na opisyal para sa mga layunin ng pag-audit o pagtatasa
- Mga naaangkop na partido na nauugnay sa pinansiyal na tulong sa isang mag-aaral
- Mga organisasyong nagsasagawa ng mga partikular na pag-aaral para sa o sa ngalan ng paaralan
- Mga organisasyong nagbibigay ng akreditasyon
- Mga naaangkop na opisyal sa mga kaso ng mga emergency sa kalusugan at kaligtasan
- Mga awtoridad ng estado at lokal na awtoridad, sa loob ng sistemang pangkatarungan sa bata, alinsunod sa partikular na batas ng estado
- Para sumunod sa utos ng hukuman o legal na inilabas na subpoena

HIPAA

Ang **Health Insurance Portability and Accountability Act** (HIPAA, Batas sa Pananagutan at Kakayahang Mailipat ng Insurance sa Kalusugan) ay isang pambansang pamantayang pinoprotektahan ang **sensitibong impormasyong** pangkalusugan ng pasyente mula sa pagsisiwalat nang walang pahintulot o kaalaman ng pasyente. Sa pamamagitan ng Privacy Rule (Tuntunin sa Pagkapribado), ang pangunahing layunin ay:

- Tiyaking angkop na pinoprotektahan ang impormasyong pangkalusugan ng mga indibidwal habang pinapahintulutan ang daloy ng impormasyong pangkalusugang kinakailangan para magbigay at magtaguyod ng may mataas na kalidad na pangangalagang pangkalusugan at protektahan ang kalusugan at kapakanan ng publiko.

Sino ang dapat sumunod?

- Bawat provider ng pangangalagang pangkalusugan na nagpapadala ng impormasyong pangkalusugan sa elektronikong paraan na may kinalaman sa mga partikular na transaksiyon
- Mga planong pangkalusugan
- Mga clearinghouse (tagapamagitan) sa pangangalagang pangkalusugan
- Mga kasosyo sa negosyo na kumikilos sa ngalan ng entidad na may coverage, kabilang ang pagproseso ng mga claim, pagsusuri ng data, pagsusuri ng paggamit, at pagsingil.

Pinoprotek-tahang impormasyon

Pinoprotektahang Impormasyong Pangkalusugan[2]: Impormasyong pangkalusugang tumutukoy sa indibidwal na ipinapadala o pinapanatili sa anumang anyo o paraan (elektroniko, pasalita, o nakasulat sa papel) ng entidad na may coverage o mga kasosyo nito sa negosyo, na hindi kabilang ang mga partikular na rekord sa edukasyon at trabaho.

Mga pinapahintulutang pagsisiwalat[1]

- Sa indibidwal
- Mga pangangasiwa ng paggamot, pagbabayad, at pangangalagang pangkalusugan
- Mga paggamit at pagsisiwalat na may oportunidad na sumang-ayon o tumutol sa pamamagitan ng pagtatanong sa indibidwal o pagbibigay ng oportunidad na sumang-ayon o tumutol
- Insidenteng may kinalaman sa pinapahintulutan sana na paggamit at pagsisiwalat
- Mga aktibidad para sa interes at benepisyo ng publiko (hal., mga aktibidad sa pampublikong kalusugan, mga biktima ng pang-aabuso o pagpapabaya, mga taong pumanaw, pananaliksik, mga layunin ng pagpapatupad ng batas, malubhang banta sa kalusugan at kaligtasan)
- Limitadong set ng data para sa mga layunin ng pananaliksik, pampublikong kalusugan, o mga pangangasiwa sa pangangalagang pangkalusugan

1. **Nangangahulugan ang pinapahintulutang pagsisiwalat na ang impormasyon** ay maaaring ibahagi nang walang indibidwal na awtorisasyon, ngunit hindi kinakailangan.
2. **Kasama sa pinoprotektahang impormasyong pangkalusugan o impormasyong** pangkalusugang tumutukoy sa indibidwal ang demograpikong impormasyong kinokolekta mula sa isang indibidwal, at 1) ginawa o tinanggap ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan, o clearinghouse sa pangangalagang pangkalusugan at 2) na may kinalaman sa pisikal na kalusugan o kalusugan ng pag-iisip o kondisyon ng kalusugan sa nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap; pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa isang indibidwal; o pagbabayad para sa pagbibigay ng pangangalagang pangkalusugan sa isang indibidwal sa nakaraan, kasalukuyan, o hinaharap; at (i) Na tumutukoy sa indibidwal, o (ii) May kinalaman sa kung mayroong makatwirang batayan para paniwalaang maaaring gamitin ang impormasyon para tukuyin ang indibidwal.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bisitahin ang website ng HIPAA ng Department of Health and Human Services (Departamento ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao) at ang website ng FERPA ng Department of Education (Departamento ng Edukasyon).

每个孩子，每一天，
全力以赴！

2022-2023年 日历表

八月
8 月 8 日-11 日、15 日-16 日 .....新教师安排 *(根据分配)*
8 月 17 日-19 日、22 日-25 日 .....岗前培训日*
8 月 26 日 .....教师无需报到
8 月 29 日 .....开学第一天-全体学生报到

九月
9 月 2 日 .....学校和办公室关闭
9 月 5 日 .....劳动日 *(学校和办公室关闭)*

十月
10 月 4 日 .....进度报告
10 月 7 日 .....早退日*

十一月
11 月 7 日 .....第一学季结束
.....提前放学*
11 月 8 日 .....选举日/职业培训日
(学生无需报到)
11 月 15 日 .....报告单
11 月 23 日-25 日 .....感恩节 *(学校和办公室关闭)*

十二月
12 月 13 日 .....进度报告
12 月 16 日 .....提前关闭*
12 月 19 日-30 日 .....寒假 *(学校和办公室关闭)*

一月
1 月 2 日 .....学校和办公室关闭
1 月 16 日 .....马丁·路德·金纪念日
(学校和办公室关闭)
1 月 23 日-26 日 .....高中考试安排
1 月 26 日 .....第一学期结束
1 月 27 日 .....教师自由工作日
(学生无需报到)
1 月 30 日 .....地区职业培训日
(学生无需报到)
1 月 31 日 .....第二学期开始

二月
2 月 7 日 .....报告单
2 月 17 日 .....提前放学*
2 月 20 日 .....总统纪念日 *(学校和办公室关闭)*

三月
3 月 2 日 ..... 进度报告
3 月 3 日 ..... 提前离校*
3 月 31 日 ..... 第三学季结束

四月
4 月 3 日-7 日 ..... 春假 *(仅 12 个月的教职工报到)*
4 月 17 日 ..... 报告单

五月
5 月 10 日 ..... 进度报告
5 月 26 日 ..... 提前关闭*
5 月 29 日 ..... 纪念日 *(学校和办公室关闭)*

六月
6 月 7 日-9 日、12日 ..... 提前放学*
高中考试安排
6 月 12 日 ..... 学生的最后一天
6 月 13 日 ..... 教师工作日
6 月 15 日 ..... PHS 毕业典礼，晚上 7 点
6 月 16 日 ..... KHS 毕业典礼，晚上 7 点
6 月 17 日 ..... BHS 毕业典礼，早上 9 点
HHS 毕业典礼，下午 1 点半

* **岗前培训日** - 包括 .5 天校长 mtg./.5 天 SLP/1 天全部门 PD/.5 天教培/4.5 天教师自由工作时间。

* **提前放学** - 仅限小学/初中-正常放学时间前 2 小时-教师的自由工作时间/学校教职工留校进行 180 天的职业培训。

* **提前关闭** - 正常放学时间前 2 小时-限学生和教职工（全部门）。

* **提前离校** - ES、MS、HS 学生提前 2 小时离校；下午 PD 的全体教职工的正常工作时间。

恶劣天气 - 此日历表包括针对恶劣天气设定的"学生在家教学日"（banked student instructional day）。日历中不包含的天数由学监酌情处理。

汉普顿市立学校 (Hampton City Schools, HCS) 在其计划和活动安排中不会因种族、肤色、国籍、性别、残障状况、年龄或其他受保护类别而歧视任何人士，并且针对童子军以及其他指定青年组织提供平等的参与机会。我们已指定以下人士负责处理非歧视政策的相关问题：Robbin G. Ruth，人力资源执行董事，One Franklin Street, Hampton, VA 23669 757-727-2000